ORDINANCE NO. 25

PROVIDING FOR THE ORGANIZATION, PERSONNEL, EMOLUMENTS, AND PROCEDURE OF THE COMMITTEE FOR THE CONTROL OF HOUSE RENTALS IN THE CITY OF MANILA, AND PRESCRIBING THE PERIOD AND MANNER OF APPEAL FROM THE DECISION OR ORDER OF THE MAYOR OF SAID CITY RELATIVE TO HOUSE RENTALS.

By virtue of the authority conferred upon me as Mayor of the City of Manila, and pursuant to the provisions of section 9 of Executive Order No. 117, dated January 4, 1943, of the Chairman of the Executive Commission, and after consultation with the City Board, it is ordained that:

SECTION 1. The Committee for the Control of House Rentals created under Executive Order No. 117, dated January 4, 1943, of the Chairman of the Executive Commission, shall be presided by a chairman who shall be chosen by the Mayor of the City of Manila from among the members thereof.

SEC. 2. The Committee shall have a recorder who shall attend the deliberations of the same and take down the minutes and keep the records of its proceedings, assisted by such personnel as may be necessary.

The Chairman of the Committee shall receive a compensation of fifteen pesos (₱15) for each day of attendance in the sessions of the Committee. The members shall receive a compensation of seven pesos (₱7) for each day of attendance.

SEC. 3. Three members of the Committee shall constitute a quorum to transact business, and the affirmative vote of the same number shall be necessary in all cases where the Committee as a body is authorized to act; *Provided, however,* That the Chairman of the Committee shall, for the purpose hereinabove mentioned, be considered a member and shall be empowered to vote on all questions presented to the Committee for determination.

SEC. 4. The Committee shall meet once a week on the date and at the place that may be designated by it, unless the Mayor, with the approval of the Commissioner of the Interior, shall authorize more frequent meetings which in no case shall exceed three times a week. On the dates of the meeting, the Committee shall, upon previous written notice to all interested parties, proceed to hear or investigate all applications, protests, or other matters for determination by it as provided in Executive Order No. 117 above mentioned. After such hearing, and within a period of ten days from the date of the last hearing, it shall

KAUTUSÁNG BLG. 25

NA NAGTATADHANÀ NG PAGTATATÁG, MGA KAWANÍ, PABUYÀ, AT PAMAMARAÁN NG LUPONG TAGASURÌ SA MGA PAGPAPAUPA NG BAHAY SA SIYUDAD NG MAYNILÀ, AT NAGTATAKDÂ NG PANAHÓN AT AYOS NG PAGHAHABOL LABAN SA KAPASIYAHÁN O UTOS NG ALKALDE NG NÁSABING SIYUDAD UKOL SA MGA PAGPAPAUPA NG BAHAY.

Sa bisà ng kapangyarihang kaloób sa aking pagka-Alkalde ng Siyudad ng Maynilà, at sang-ayon sa mga itinátadhanà ng Tuntuning ika-9 ng Kautusáng Tagapagpaganáp Blg. 117, noóng ika-4 ng Enero, 1943, ng Pangulo ng Sangguniáng Tagapagpaganáp, at matapos makasanggunì sa Lupon ng Siyudad, ay ipinag-uutos na:

TUNTUNING 1. Ang Lupong Tagasurì sa mga Pagpapaupa ng Bahay na nilikhâ ng Kautusáng Tagapagpaganáp Blg. 117 nang ika-4 ng Enero, 1943, ng Pangulo ng Sangguniáng Tagapagpaganáp, ay pamúmunuan ng isáng pangulong híhirangin ng Alkalde ng Siyudad ng Maynilà sa mga kagawad ng násabing Lupon.

TUNT. IKA-2. Ang Lupon ay magkákaroón ng isáng Tagapagtalâ na dadaló sa mga pagpupulong ng tinurang Lupon at gagawâ ng mga akta at mag-iingat ng mga katibayan ng mga pinagúusapan, at tútulungan ng mga kawaníng kákailanganin.

Ang Pangulo ng Lupon ay tatanggap ng isáng pabuyang labinlimáng piso (₱15) sa bawa't araw na idaló sa mga pagpupulong ng Lupon. Ang bawa't kagawad ay tatanggap ng isáng pabuyang pitóng piso (₱7) sa bawa't araw na idaló.

TUNT. IKA-3. Tatlong kagawad ng Lupon ay sapát bumuô ng "quorum" upáng makapagpasiyá, at tatlo ring botong-pasangayon ang kailangan sa lahát ng bagay na pinahíhintulutang mapagpasiyahán ng Lupon sa kaniyáng pagkátatág; *Gayón man ay dapat matalastas,* Na ang Pangulo ng Lupon, hinggil sa mga layuníng binabanggit sa unahán nitó, ay ipalalagáy na isáng kagawad at may kapangyarihang bumoto sa lahát ng súliraning mápaharáp sa Lupon upáng pagpasiyahán.

TUNT. IKA-4. Ang Lupon ay magpupulong minsan sa sanlinggo sa araw at poók na maaaring itakdâ niyá, máliban na lamang kung ang Alkalde, na may patibay ng Komisyonado ng Kágawaráng Panloób, ay magpahintulot ng lalong madalás na pagpupulong, na sa alín mang pangyayari ay di-dapat humigít sa makáitlo sanlinggo. Sa mga araw ng pulong, ang Lupon, sa pamamagitan ng páunang kalatas sa lahát ng panig na may-kinálaman, ay gagawâ ng pagdiníg o pagsusurì sa lahát ng kahílingan, tutol o ibá pang bagay na pagpápasiyahán niyá, sang-ayon sa itinatakdâ ng Kautusáng Tagapagpaganáp Blg. 117 na binabanggit sa unahán. Pagkatapos ng pagdiníg, at sa loób ng taning na sampung araw mulâ sa hulíng pagsusurì, ay maghahandâ at maghaharáp ng kaniyáng ulat sa

prepare and submit its report to the Mayor, together with all the pertinent papers, with such recommendation as it may deem proper to make in the premises. The Mayor shall render his decision within five days from receipt by him of the record of the case from the Committee.

SEC. 5. Any owner or tenant who may be dissatisfied with the decision or order of the Mayor of the City of Manila relative to house rentals may appeal to the Commissioner of the Interior within five days from the date of receipt of said decision or order. The appeal shall be perfected by filing within said period a written notice to that effect with the Office of the Mayor of the City of Manila who shall forthwith transmit the case to the Commissioner of the Interior with all the pertinent papers.

SEC. 6. The following fees which shall accrue to the Treasury of the City of Manila shall be paid:

(*a*) For an application to determine rental for each individual tenant, three pesos.

(*b*) For an application to increase rental for each individual tenant, three pesos.

(*c*) For an application to decrease rental, three pesos.

(*d*) For filing an appeal, five pesos.

(*e*) For certified copies of orders or decisions of the Mayor, per one hundred words, or fractional part thereof, twenty centavos.

SEC. 7. For the filing of report of house rentals in accordance with Section 5 of Executive Order No. 117, there shall also be paid a fee determined as follows:

| | |
|---|---|
| (*a*) If the amount of monthly rentals involved is less than ₱100 altogether | ₱1.00 |
| (*b*) For the first ₱100 of monthly rentals | 2.00 |
| (*c*) For every ₱100 or fraction thereof in excess of the first ₱100 | .50 |

*Provided, however,* That an owner of houses for rent shall submit only one report of house rentals for all such houses owned by him.

SEC. 8. For the purpose of carrying out the provisions of this Ordinance, there is hereby appropriated the sum of thirty-five thousand pesos (₱35,000) out of any funds in the treasury of the City of Manila not otherwise appropriated.

SEC. 9. This Ordinance shall take effect on January 11, 1943.

Done in the City of Manila this 9th day of January, 1943.

LEON G. GUINTO
*Mayor*

Alkalde, kalakíp ang lahát ng kasulatang náuukol at gayón din ang tagubiling minámarapat gawín sa súliranin. Ang Alkalde ay maggagawad ng kaniyáng kapasiyahán sa loób ng limáng araw pagkátanggap ng mga kasulatan ng súliranin mulâ sa Lupon.

TUNT. IKA-5. Sino mang may-arì o naninirahang hindî nasísiyahán sa kapasiyahán o utos ng Alkalde ng Siyudad ng Maynilà ukol sa pagpapaupa ng bahay, ay maaaring maghabol sa Komisyonado ng Kágawaráng Panloób, sa loób ng limáng araw mulâ sa pagkakátanggap ng násabing kapasiyahán o utos. Ang paghahabol ay magagawâ sa pamamagitan ng pagharáp sa loób ng náturang taning ng isáng nakasulat na babalâ ng paghahabol sa Tanggapan ng Alkalde ng Siyudad ng Maynilà, na siyá namáng maglilipat ng súliranin sa Komisyonado ng Kágawaráng Panloób, kalakíp ang lahát ng kasulatang may-kinálaman.

TUNT. IKA-6. Ang sumusunód na mga pabuwís na lílikumin ng Ingatangyaman ng Siyudad ng Maynilà, ay dapat pagbayaran:

(*a*) Sa kahílingan upáng itakdâ ang paupa sa bawa't isáng nangúngupahan, tatlong piso.

(*b*) Sa kahílingan sa pagdaragdag ng paupa sa bawa't nangúngupahan, tatlong piso.

(*k*) Sa kahílingan sa pagbabawas ng paupa, tatlong piso.

(*d*) Sa pagharáp ng paghahabol, limáng piso.

(*e*) Sa paghingî ng pinatibayang sipì ng mga kautusán o kapasiyahán ng Alkalde, bawa't isáng daáng salitâ o bahagi niyán, dalawampung séntimos.

TUNT. IKA-7. Sa pagharáp ng ulat ng mga pagpapaupa ng bahay, sang-ayon sa Tuntuning ika-5 ng Kautusáng Tagapagpaganáp Blg. 117, ay dapat din namáng magbayad ng isáng buwís na itinatakdang gaya ng sumusunód:

| | |
|---|---|
| (*a*) Kung ang kabuuáng halagá ng búwanang mga paupang tinutukoy ay waláng ₱100 | ₱2.00 |
| (*b*) Sa unang ₱100 isáng buwáng pagpapaupa | 4.00 |
| (*k*) Sa bawa't ₱100 o bahagi nítóng labis sa unang ₱100 | 1.00 |

*Nguni'y dapat matalastas,* Na ang isáng may-arì ng mga bahay na páupahán ay dapat magharáp ng isá lamang ulat ng pagpapaupa sa lahát ng mga násabing bahay na arì niyá.

TUNT. IKA-8. Upáng matupád ang mga tadhanà ng Kautusáng itó, sa pamamagitan nitó ay naglalaán ng halagáng tatlumpu't limáng libong piso (₱35,000) mulâ sa alín mang salapî ng Ingatangyaman ng Siyudad ng Maynilà, na hindî pa náilalaán sa ibáng bagay.

TUNT. IKA-9. Ang Kautusáng itó ay magkákabisà sa ika-11 ng Enero, 1943.

Inilagdâ sa Siyudad ng Maynilà ngayóng ika-9 na araw ng Enero, 1943.

(May-lagdâ) LEON G. GUINTO
*Alkalde*

KAUTUSÁNG BLG. 27

## NA NAG-AATAS SA MGA TAONG NAGPÁPALAKAD NG MGA SASAKYANG HILA NG HAYOP NA LINISIN SA MGA LANSANGANG-BAYAN ANG DUMÍ NG MGA HAYOP NA KANILÁNG PINALALAKAD.

Sa bisà ng kapangyarihang kaloób sa aking pagka-Alkalde ng Lunsod ng Maynilà, at matapos makasanggunì sa Lupon ng Lunsod, ay ipinag-uutos na:

TUNTUNING 1. Tungkulin ng sino mang taong nagpápalakad ng alín mang sasakyang hila ng hayop na linisin sa mga lansangan at pambayang pook ang dumí ng hayop na pinalalakad nilá, mátangì sa mga tuláy. Sa layuníng itó, ay dapat siyáng maghandâ ng isáng supot o anó mang nábabagay na sisidlan at ng isáng pangkahig ng dumí at walís upang máipanlinis. Ang dumí ay ilalagáy sa mga sisidlang nasa-lansangan at sadyang laán sa bagay na itó o sa mga lalagyan ng basura ng pámahalaán.

TUNT. IKA-2. Alín mang paglabág sa Kautusáng itó ay parúrusahan ng isáng multang hindî hihigít sa dalawáng daáng piso, o ng pagkábilanggong hindî hihigít sa anim na buwán, o ng magkasamang multa at pagkábilanggo, ayon sa marapatin ng Húkuman.

TUNT. IKA-3. Sino mang nagpápalapad ng sasakyang hila ng hayop na mádakip sa paglabág sa Kautusáng itó ay pahíhintulutang magpatuloy sa kaniyáng paghahanapbuhay, bagamán mapaguusig sa Húkuman ang kaniyáng pagkakásala.

TUNT. IKA-4. Ang Kautusáng itó ay magkákabisà sa ika ...... ...................................................

Inilagdâ sa Lunsod ng Maynilà, ngayóng ika-26 na araw ng Enero, 1943.

(May-lagdâ) LEON G. GUINTO
*Alkalde*

PINAGTIBAY, Pebrero 16, 1943.

(May-lagdâ) JOSE P. LAUREL
*Komisyonado ng Kágawaráng Panloób*

